# Mga Kontribyutor

Si **John A. Amtalao** ay nagtapos ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon major sa Filipino at Masterado sa Sining ng Edukasyon sa Filipino sa Saint Louis University, Baguio City. Pitong taong nagsilbi bilang edukador sa wika at panitikang Filipino, at pananaliksik sa Saint Louis College, San Fernando City, La Union. Naging tagapagsanay ng Kagawaran ng Edukasyon sa ilalim ng K to 12 na programa at naging disc jockey rin sa isang himpilang panradyo. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kursong Doktor sa Araling Filipino-Wika, Kultura, at Media sa De La Salle University, Manila.

Nagtapos si **Kevin P. Armingol** ng BSE Filipino sa PNU Manila bilang Literary Editor ng The Torch Publications. Nagkamit ng gantimpalang CEGP Gawad Eman Lacaba, UST Gawad Jose Villa Panganiban, at naging fellow sa Palihang Rogelio Sicat 6 ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Far Eastern University Manila at tinatapos ang kursong MA Araling Pilipino sa UP Diliman. Aktibong kasapi ng Alliance of Concerned Teachers at Tanggol Wika.

Si **Michael C. Delos Santos** ay Associate Professor sa Central Luzon State University (CLSU). Nagtuturo sa antas sekondarya sa nasabing unibersidad sa ilalim ng University Science High School - Kolehiyo ng Edukasyon. Kaniyang itinuturo ang mga asignaturang Filipino, Edukasyon sa Pagpapakatao. at Physical Education. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang digring Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino (Wika, Kultura at Midya) – sa De La Salle University, Manila, sa pamamagitan ng iskolarsyip ng CLSU Faculty Development Program.

Si **Feorillo Petronilo Demeterio III** ay nagtapos ng kaniyang Batsilyer sa Pilosopiya (magna cum laude), Batsilyer sa Teolohiya (magna cum laude), Lisensya sa Pilosopiya (magna cum laude), at Masterado sa Sining (meritissimus) sa Pamantasan ng Santo Tomas, at Doktorado sa Pilosopiya sa Araling Pilipino sa mga larangan ng komparatibong panitikan, panlipunang sikolohiya at pilosopiya, sa Pamantasan ng Pilipinas-Diliman. Sa kasalukuyan, siya ay isang Full Professor sa Departamento ng Filipino at direktor ng University Research Coordination Office, Pamantasang De La Salle. Si Dr. Demeterio ay may-akda ng apat na libro at higit 80 na artikulo tungkol sa hermenyutika, araling kultural, araling Pilipino, pilosopiyang Pilipino, at ilang maikling kowento na nalathala sa iba't ibang lokal at internasyonal na journal. Nanungkulan siya bilang visiting research professor sa Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, D.C., noong 2013. Noong 2014, Si Dr. Demeterio ay kinilala bilang outstanding alumnus sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School, Pamantasan ng Santo Tomas.

Kasalukuyang direktor si **Palmo R. Iya**, Ph.D. ng Cavite Studies Center at propesor ng Kasaysayan sa De La Salle University, Dasmariñas, isa sa mga Board of Directors ng Cavite Historical Society, Inc., at kasalukuyang Pangalawang Pangulo ng Kapisanan ng mga Bahay-Saliksikan sa Bansa (KABANSA), Inc. Nagtapos siya ng BSE Social Science at Graduate Diploma in Teaching History sa Philippine Normal University at PhD History sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nakapagsulat ng mga artikulo sa mga reperidong dyornal gaya ng *Journal of Humanities Vol.*

Copyright © 2019 by De La Salle University

*3, 2009* ( DLSU-Dasmariñas); *Philippine Association for the Sociology of Religion* (PASR) *Journal Vol. 2, No. 1, 2016*; at *TALAS: Interdisiplinaryong Journal sa Edukasyong Pangkultura, Tomo 2, 2017* (Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining at Philippine Cultural Education Program). Kasamang patnugot ng *Photographing Revolutionary Cavite: The Colonial Representation, 1896 – 1899* (2016) at kasamang kontribyutor/patnugot ng *Pamanang Lokal: Essays on Local Heritage Preservation* (2017). Kontribyutor at patnugot ng *Emilio Famy Aguinaldo: Iba't Ibang Anggulo sa Pagkilala sa Unang Pangulo ng Republika* (2018) ("Emilio Famy Aguinaldo: The Many Facets of the President of the First Philippine Republic," 2018). Pinarangalan bilang "Faculty of the Year 2013" ng DLSU-D Faculty Association, Inc. at "Most Outstanding CLAC Faculty" ng College of Liberal Arts and Communications (CLAC) noong 2013. Ginawaran siya ng "The Geronimo Berenguer de los Reyes, Jr. Distinguished Professorial Chair in Cavite and Philippine History" ng kaniyang pinaglilingkurang pamantasan noong 2014. Tumanggap ng "Best Paper Award, 2nd Place" ang kaniyang saliksik na pinamagatang "Tinig Mula sa Ilang: Pag-uugat ng mga Praktis at Paniniwala ng Kilusang Propetikong Adbentista (KPA) sa Kalinangang Filipino" sa ginanap na *1st National Conference on Southern Luzon Studies* sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños noong 18-20 Hulyo 2018 at "Best Paper Award, 1st Runner Up" naman ang saliksik niyang "Animismong Filipino: Revisiting the Ancient Philippine Animistic Religion" sa *2nd International Conference on Multidisciplinary Filipino Studies* ng University of Hawaii-Hilo na ginanap sa De La Salle University-Dasmariñas, Cavite, Philippines noong 16-18 Nobyembre 2018. Ang kaniyang interes ay patungkol sa mga kilusang panlipunan at panrelihiyon.

Si **Napoleon M. Mabaquiao, Jr.** ay Full Professor sa Departamento ng Pilosopiya sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Siya ay dating tagapangulo ng nasabing departamento. Ang mga larangan na kaniyang pinagkakadalubhasaan ay kinabibilangan ng pilosopiya ng wika, pilosopiya ng isip, at etika. Natapos niya ang kanyang B.A. at M.A. sa Pilosopiya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, at ang kaniyang PhD. sa Pilosopiya sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Dati siyang miyembro ng kaguruan ng Departamento ng Pilosopiya sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

Si **Zarina Joy T. Santos** ay nagtapos ng kursong BA Filipino at MA Filipino (Wika) sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Instruktor siya sa UP Diliman sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at nagtuturo ng mga kursong Filipino at Buhay at mga Akda ni Dr. Jose Rizal. Maliban sa pagtuturo ay nagsisilbi rin siya bilang manunulat at konsultant sa mga teksbuk panghayskul dahil dati rin siyang nagturo ng asignaturang Filipino sa mataas na paaralan. Ang kaniyang mga saliksik ay patungkol sa leksikograpiya, mga varayti ng wika sa Pilipinas, at pamamahalang pangwika sa Pilipinas.

Nag-aral sa mga pampublikong paaralan si **Nelson Turgo**. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman at Cardiff University, Wales, United Kingdom. Isa rin siyang kuwentista sa Filipino at Ingles. Anak siya ng isang mangingisda. Kasalukuyan siyang nagtratrabaho bilang Research Associate sa SIRC, School of Social Sciences, Cardiff University, Wales, UK.

# Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay

## Isyu para sa Buwan ng Disyembre 2019, Tomo XXXII, Blg. 1

**Tunguhin**

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay naglalayong maglathala ng mga lathalain tungkol sa mga usapin at dalumat kaugnay ng wika, kultura, at mass media na nagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tumatanggap din ng mga sulatin sa Ingles at iba pang mga wika na isasalin sa wikang Filipino. Tanging ang salin sa Filipino ang ilalathala.

**Detalye ng Paglilimbag**

Inililimbag ang Malay makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House ng Pamantasang De La Salle. Bilang multi/interdisiplinaring journal, nagtatampok ito ng mga papel, riserts, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa Araling Filipino na may tuon sa wika, kultura, at mass media. Ang mga ideya, opinyon, at paninindigan ng mga may-akda ay kanilang pananagutan at hindi sumasalamin sa mga pagkukuro at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Proseso ng Pagrerebyu**

Ang mga lathalain ay nirerebyu ng mga miyembro ng Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot at ng iba pang mga kilalang iskolar sa kani-kanilang disiplina. Ang bawat artikulo ay nirerebyu ng dalawang iskolar. Sa pagkakataong may magkasalungat na pagpapasiya ang naturang dalawang rebyuwer, ito ay ibinibigay sa isa pang rebyuwer. Ang buong prosesong ito ay isinasagawa nang hindi nalalaman ng may-akda kung sino ang rebyuwer ng kaniyang artikulo, at gayundin, hindi ipinakikilala sa rebyuwer kung sino ang may-akda ng kaniyang nirerebyung artikulo.

Mula rito, muling nirerebyu ng Punong Patnugot ang mga nakapasáng lathalain mula sa mga naunang nagrebyu nito. Ang mga lathalaing nangangailangan ng medyor na rebisyon ay ibinabalik sa mga may-akda para sa mga kahingian ng mga rebyuwer. Ang mga may-akda ng mga papel na hindi matatanggap ay padadalhan ng liham na maglalaman ng mga puna at komento ng mga nagrebyu. May karapatan ang mga Patnugot na maging pag-aari ang kopya ng lahat ng papel na ipinása.

**Detalye ng Pagsusumite**

Ang mga papel (riserts, artikulo, rebyu) ay kailangang nakasulat sa Filipino. Sakaling nasa ibang wika, isasalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Kailangang hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon o journal ang mga papel na ipapása para rito. Isang 200-250 salitang abstrak at limang susing salita, kapuwa nasa wikang Filipino at Ingles, ang hinihiling na kalakip sa papel na may 5,000 hanggang 7,000 salita (20-40 pahina). Ang titulo ng lathalain ay dapat na mayroon ding salin sa wikang Ingles.

Ang papel ay kailangang kompyuterisado sa maikling bond paper na may isang pulgadang palugit sa lahat ng gilid, doble-espasyo, gamit ang font na Times New Roman at may laking 12-puntos, at maayos na naidokumento gamit ang *MLA Seventh Edition*.

Kailangang minimal ang mga dulong tala. Kung sakaling may larawan o ilustrasyong bahagi ng submisyon, ang file ay kailangang nasa format na jpeg. Hinihiling ang malinaw na kopya. Kailangan ding may kapsiyon at karampatang pagkilala sa pinaghiraman o may-ari/maylikha ng larawan/ilustrasyon.

Ang pangalan ng awtor, tirahan, e-mail, at iba pang mahahalagang kontak ay kailangang nakasulat sa hiwalay na papel. Anumang pagkakakilanlan sa identidad ng awtor ay kailangang wala sa manuskrito. Sumulat din ng isa hanggang dalawang talatang bionote para sa pagkakakilanlan ng may-akda.

Tinatanggap ang mga submisyon sa pamamagitan ng e-mail sa **malayjournal@gmail.com**. Ang dedlayn ng pagpapadala para sa susunod na isyu ng Malay ay sa *ika-30 ng Agosto*.

Ipadala ang manuskrito at lahat ng kailangan kay *Dr. Florentino Timbreza*, Punong Patnugot; *Dr. Rowell Madula*, Kawaksing Patnugot; o kay *Dr. Dolores Taylan*, Tagapamahalang Patnugot, sa De La Salle University Publishing House, Yuchengco Hall, Room 601, Pamantasang De La Salle, Manila, 2401 Taft Avenue, Manila. Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag sa (632) 524-4611 loc 271 at hanapin si *Ms. Joanne Castañares*.